Pangalan: Hisham “Noel” Casimiro
Paksa ng Khutbah: “Kaalaman at Pagpapakumbaba”
Isinaayos ni: Bro. Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 12, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, kung pagmamasdan natin ang dahon ng palay, habang lumalaki ang dahong ito ay bantayog na nakatayo. Subalit kung ito ay magsimulang mamunga at naging hitik ang kanyang bunga, ang katawan nito ay kusang yuyuko dahil sa bigat ng bunga na kanyang dinadala. Masdan natin ang ating mga sarili habang tayo ay nagsasaliksik ng kaalaman. Habang tumataas ang antas ng ating kaalaman, tayo ay magpakumbaba sa Paningin ni Allah Subhanahu Wa Ta’Ala at sa ating mga nasasakupan. Ang mga Juhala (mangmang) ay walang habas na magsalita nang walang saysay, walang kabuluhan at hindi kapupulutan ng aral. Ang maalam kapag nagsalita ay maiksi ngunit mabigat at makabuluhan.

Sinabi ni Allah sa Maluwalhating Qur-an:

﴿ وَلِيَعْلَمَ الَّذِينَ أُوتُوا الْعِلْمَ أَنَّهُ الْحَقُّ مِن رَّبِّكَ فَيُؤْمِنُوا بِهِ فَتُخْبِتَ لَهُ قُلُوبُهُمْ ۗ وَإِنَّ اللَّهَ لَهَادِ الَّذِينَ آمَنُوا إِلَىٰ صِرَاطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴾ الحج :54

***“At upang sa gayon mapag-alaman niyaong pinagkalooban ng kaalaman na ito ang katotohanan mula sa iyong Panginoon at kanila itong pinaniwalaan at***

***ang kanilang mga puso ay magpapakumbabang tatalima roon at katotohanan si Allah ang siyang patnubay niyaong mga naniniwala sa matuwid na landas.”*** (Al-Hajj: 54)

Tungkulin ng bawat Muslim na pag-aralan niya ang kanyang Deen upang maisabuhay niya ng tama ang kanyang paniniwala, tamang pagsamba at pagkilala sa Tagapaglikha at ang pagsunod sa mga halimbawang mapapanaligang Hadith. Sinabi ng ating mahal na Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), ang tamang kaalaman sa Deen (sa Islam) ang siyang daang magpapalawak ng pang-unawa, katalinuhan, at saligan ng tama at mali, Halal at Haram, at marami pa.

Isinalaysay ni Mu’awiyah (radhiyallahu ‘anhu): Narinig ko ang Propeta ni Allah (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na nagwika:

**"مَنْ يُرِدِ اللَّهُ بِهِ خَيْرًا يُفَقِّهْهُ فِي الدِّين."** رواه البخاري ومسلم

*“Sinuman ang naisin sa kanya ni Allah ang kabutihan ay ipapaunawa sa kanya ang Deen (Islam).”* (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Karapatan ng bawat Muslim na pangalagaan niya ang kanyang Eeman at ang kanyang nasasakupan lalo na sa pamilya. Ang mga magulang ay laging nagpaparating ng paala-ala sa mga anak patungkol sa kabilang-buhay, paala-ala mula sa Qur-an at Sunnah ng ating mahal na Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam), at kaalamang magpapalambot ng puso na tanging si Allah lamang ang Siyang nagbibigay patnubay sa Kanyang mga alipin. Sapat na ang maiparating ang mga babala, paala-ala sa kanila at higit sa lahat ang pairalin ang pagtitiis.

Sinabi ni Allah sa Maluwalhating Qur-an:

﴿ وَقَالَ الَّذِينَ أُوتُوا الْعِلْمَ وَيْلَكُمْ ثَوَابُ اللَّهِ خَيْرٌ لِّمَنْ آمَنَ وَعَمِلَ صَالِحًا وَلَا يُلَقَّاهَا إِلَّا الصَّابِرُونَ ﴾ القصص :80

***“Ngunit yaong pinagkalooban ng kaalaman ay nagsabi: Kasawian sa inyo! Ang gantimpala ni Allah ay higit na mabuti sa sinumang naniniwala at gumagawa ng gawaing matuwid. Walang sinuman ang pinagkalooban nito maliban sa mga matiisin.”*** (Al Qasas: 80)

Kaya pairalin natin ang Sabr at huwag hihinto sa pagpapaalala sa kanila. Hindi natin sakop ang Eeman ng bawat tao. Gawin man nila o hindi ang ating mga payo, tanging si Allah ang Siyang nagpapatnubay sa sinumang Kanyang ninais. Napakahalaga ang kaalaman sa Deen ng Islam. Ito ay nagbibigay lakas ng loob na maisabuhay ang Islam at pagkatakot kay Allah. Katotohanan, ang mga Jaahil (mangmang) ay hindi nila binibigyang pansin ang 'Ibadah (pagsamba), ang matakot kay Allah at ang maniwala sa kabilang-buhay. Kahahabagan lamang ni Allah ang mga taong binigyang panahon ang Maluwalhating Qur-an na kanilang binasa, inunawa at isinabuhay. Sinabi ni Allah:

﴿ وَلَقَدْ جِئْنَاهُم بِكِتَابٍ فَصَّلْنَاهُ عَلَىٰ عِلْمٍ هُدًى وَرَحْمَةً لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴾ الأعراف :52

***"Katiyakan Amin ipinarating sa kanila ang Aklat (Qur-an) na Aming masusing ipinaliwanag nang may kaalaman, bilang patnubay at habag para sa mga taong naniniwala."*** (Al-A'raf :52)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga alipin ni Allah, katakutan natin si Allah ng tunay na pagkatakot. Tanungin natin ang ating mga sarili: kailan ba natin huling binuklat ang Maluwalhating Qur-an upang basahin? Kung ang Patnubay at Habag ni Allah ay nais natin, binigyan ba natin ng kahalagahan ang Qur-an? Katotohanan, ang Qur-an ang siyang gabay sa mga taong naniniwala. Ang Qur-an at Hadith ang dalawang pinagmumulan ng ating kaalaman sa Deenul Islam, kaya dapat lamang nating pagsumikapan na aralin ang mga ito nang sa gayon ay masunod natin ang gusto ni Allah at ng Kanyang Sugo (sallallahu 'alayhi wa sallam).

May isang napakagandang kuwento sa kasaysayan ng Islam ang mga pantas na makukunan natin ng aral. May isang Monghe sa lugar ng Iraq na naglalakad sa gitna ng liwasang bayan at nakita niya na may mga grupo na mga Muslim ang abala sa pakikinig sa isang mangangaral sa Islam. At kanya itong nilapitan upang subukan ang mga Muslim kung kaya nilang sagutin ang kanyang katanungan. May pagmamayabang, siya ay nagsalita na walang paumanhin at tinanong ang mangangaral kung maaari niyang sagutin ang kaniyang katanungan. Silang lahat ay nabigla sa narinig sa tanong ng Monghe at nagkatinginan ang mga matatanda upang maghanap kung may isa sa kanila ang may kakayahang sagutin ang tanong.

Tanong ng Monghe, "ANO ANG GINAGAWA NG INYONG DIYOS SA ORAS NA ITO?" Lahat ay tumahimik at nagmumuni-muni, nag- iisip, hinahanapan nila ng kasagutan mula sa Qur-an at Sunnah ngunit sila ay bigo. Kaya't ang Monghe ay lalong nakitaan ng pagmamayabang at pangungutya sa mga Muslim at muli niyang itinanong, "ANO ANG GINAGAWA NG INYONG DIYOS SA ORAS NA ITO?" Muli ay walang may lakas ng loob sagutin ang Monghe maliban sa bata na gustong sumagot sa katanungan ng Monghe. Ngunit ang mga matatanda at mga may alam ay pilit siyang pinauupo at nang makita ng Monghe ang Bata, napatawa siya at may pangungutya na nagsasabi, "BATA LANG BA ANG KATAPAT KO?"

Muli sa pangatlong ulit na tanong ay lalong isinigaw niya nang may pagmamataas, "ANO ANG GINAGAWA NG INYONG DIYOS SA ORAS NA ITO?" Muli ang bata ay tumayo upang sagutin ang tanong ng Monghe. Nagkatinginan at napagkasunduan ng mga matatanda at ng mga maalam na bigyan ng pagkakataon ang bata na sagutin ang Monghe. Ang ginawa ng bata ay nagbigay ng kondisyon sa Monghe na kung susunod ang Monghe ay kanya itong sasagutin. Nagkasundo ang Bata at ang Monghe. Sabi ng bata sa Monghe, “Inyo pong paumanhin na kayo ay umupo,” kaya ang ginawa ng Monghe ay siya’y umupo, at ang bata naman ang siyang tumayo at nagwika, "SA ORAS NA ITO IBABABA NI ALLAH ANG MGA MAPAGMATAAS AT ITATAAS NI ALLAH ANG MAPAGKUMBABA."

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang talino at kaalaman ay tunay na kaloob ni Allah sa mga taong Kanyang naisin. Ating hilingin sa Rabbul ‘Alamin na panatilihin tayo sa pagsisikap na pag-aralan ang Deenul Islam. Nawa’y itaas ni

Allah ang ating antas na mapabilang sa mga ginawaran Niya ng kaalaman. Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ يَرْفَعِ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مِنكُمْ وَٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْعِلْمَ دَرَجَٰتٍ ۚ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴾ المجادلة :11

***"Itataas ni Allah yaong mga naniniwalang kabilang sa inyo at yaong pinagkalooban ng kaalaman sa mga antas (nang may karangalan), at si Allah ay lubos na nababatid ang anumang inyong ginagawa."*** (Al-Mujaadilah: 11)

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***